



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINAPI SA KATITIKAN NG IKA-16 NA REGULAR SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 05 NOBYEMBRE 2007, GANAP NA IKA - 10:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN

Present:

Konsehal Cesar T. Baticos	- Presiding Officer Pro-Tempore
Konsehal Jocelyn G. Solabo	
Konsehal Angeles D. Dautista	
Konsehal Hernan C. Ererita	
Konsehal Bernabe S. Mortel	
Konsehal Edren Y. Faderon	
Konsehal Napoleon M. Dimapilis	
Konsehal Larry V. Salazar	- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Absent:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis	- OB, Calapan City
Konsehal Agustin L. Cusi	- Sick Leave
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

KAPASYAHAN BLG. 080
Taong 2007

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG SPO3 RIZALINO MALACAPO LEOCADIO, JR. NG TANGGAPAN NG PULISYA NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T si SPO3 Rizalino Malacapo Leocadio, Jr. ay naglingkod bilang isang alagad ng batas sa loob ng mahigit na dalawampu't limang (25) taon;

SAPAGKA'T ang paglilingkod niyang ito bilang tagapaglingkod ng kapayapaan at kaayusan ng bayan ay nagsimula noong Enero, 1982 kung saan siya ay nahirang bilang Private First Class sa Tanggapan ng Pulisya ng Roxas;

SAPAGKA'T dahilan sa kanyang kasipagan at katapatan sa sinumpaang tungkulin siya ay unti-unting naitaas sa posisyon hanggang maging Senior Police Officer 3;

SAPAGKA'T sa buong panahon ng kanyang panunungkulan bilang alagad ng batas, hindi niya inalintana ang mga panganib sa kanyang buhay upang maisagawa lamang ang nararapat para sa ikabubuti ng mga mamamayan;

SAPAGKAT ang kanyang pagpunuw ay isang malaking kalungkutan at kawalan sa kanyang butihing maybahay at mga anak, sa kanyang ama at kapatid at ganundin sa mga dating kasamahan sa tanggapang kinabibilangan,

SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ito at ang mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa pamilya at mga kaanak ng namayapang Rizalino Malacapo Leocadio, Jr.;


DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Bernabe S. Mortel na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa mga nauula ng pumamaw na SPO3 Rizalino Malacapo Rizalino, Jr ng Tanggapan ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Gng. Rosinni Teston Leocadio at mga kaanak lakip ang aming tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat: 05 Nobyembre 2007

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


CESAR T. BATICOS
Presiding Officer Pro-Tempore

PINAGTIBAY:

JACKSON CINCO DY
Punong Bayan